# Posasan ang  Diyos?

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Oktubre 08, 2022

Lahat tayo ay anak ng Diyos, at gusto Niya tayong tulungan. Kung paano humawak ang mga anak sa kamay ng kanilang magulang, ganoon din dapat ang paghawak natin sa kamay ng Diyos.
Gayunpaman, ang ating kalaban, ang demonyo, ay nais posasan ang Diyos. Lagi niya tayong pinipigil sa pagsunod sa plano ng Diyos. Kapag hindi natin nasusunod ang sinasabi ng Diyos, nililimitahan natin ang mga posibilidad ng Kanyang mga plano sa atin. Kailangan nating magtiwala sa Diyos at iwaksi ang ating mga alalahanin.

**1. Nagtitiwala ba tayo sa Diyos o pinoposasan natin Siya?**

1.1. Sa talinghaga ng Malaking Piging, makakaligtaan natin ang biyaya ng Diyos kapag tayo ay tumanggi sa Kanyang paanyaya (Lucas 14:15-24). ”Pinagpala ang makakasalo sa hapag sa kaharian ng Diyos.” Gayunpaman marami ang nagwawalang bahala: ”Isa man sa unang inanyayahan ay hindi makakatikim sa aking handa” (Lucas 15:24). Sa kabaligtaran, kapag nanatili tayo sa Kanya at namunga, anumang hingin natin ay ibibigay Niya (Juan 15:16).

1.2. "Pinoposasan" natin ang Diyos kapag hindi natin Siya pinagkakatiwalaan. May isang tao na naligaw dahil sa kadiliman at sa sobrang kapal ng ulap ay muntik ng nahulog ngunit nakahawak siya sa isang sanga, nagdasal sa Diyos na iligtas siya. Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos na bumitaw sa pagkakahawak sa sanga, tumanggi siya at nagpatuloy sa paghawak sa sanga. Nagulat siya kinaumagahan nang nakitang mababaw lang pala ang lupa sa kanyang kinalalagyan.

**2. Nakamanman ang Diyos upang makita kung nasusunod natin ang Kanyang mga Salita, (Jer.1:12).**

2.1. Tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako batay sa ating pananampalataya. Kung di tayo sumunod, walang saysay ang ating pananalig (Roma 4). Kaya, dapat nating palalimin ang ating buhay panalangin at ang ating ugnayan sa Diyos.
2.2. Natupad na ang pangako kung ang makapangyarihang kamay ng Diyos ay kumilos na. (Awit 89:14). Inuunat Niya ang Kanyang kamay laban sa kaaway (Awit 138:7; Awit 89:14).

3. Kikilos ang malakas at makapangyarihang kamay ng Diyos sa ating buhay (Juan 14).

3.1. Pinagsasama-sama ng Diyos ang mga tao (Awit 33).

3.2. Nagpapagaling ang Diyos kapag tayo ay nagkakaisa sa panalangin. Pinagaling Niya ang bulag at ang ketongin (Lucas 5:12-13).

3.3. Ang mapagpalang kamay ng Diyos ay napupuspos ng Banal na Espiritu Santo (Mga gawa 2:1-4).

3.4. Kapag tayo ay nagkakaisa, hindi tayo mabubuwag ng kalaban.

3.5. Ibibigay ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan (Awit 23).

3.6. Ililigtas tayo ng makapangyarihang kamay ng Diyos (Isaias 51).

**4. Bakit hindi Niya tayo pinapakinggan? Ang ating mga kasalanan ang dahilan kung bakit tayo nahihiwalay sa Diyos.**

4.1. Ang sala natin ang nagiging dahilan kaya di marinig ang ating dalangin. (Isa. 59:2).

4.2. Gusto Niya tayong magsisi at huwag ng magkasala.

**5. Ang kamay ng Diyos ay nakatuon**

5.1. kay Jose na mapanaginipin na umunlad.

5.2. kay Ezra na isang guro at buong pusong naglingkod sa Diyos (Ezra 7:1-10).

5.3. kay Nehemiah na isinuko ang lahat-lahat sa Diyos. Lahat ng kanyang hiling ay ipinagkaloob ng Hari (Neh. 2).

5.4. sa batang nagbigay ng isda at tinapay. Dumami ang mga ito; kung tayo'y nagbabahagi dumadami rin ang ating pagpapala (2Cor.9:6-8).

**Konklusyon:**
Huwag nating "posasan" ang Diyos. Hayaan nating kumilos ang Kanyang mga kamay sa ating buhay, dahil wala tayong karapatang tanggihan Siya.

**Pagninilay:**
Ano ang patuloy na nagpapalayo sa iyo sa mga biyaya ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pagpapala#Kamay ng Diyos